# Na Inyong Ikinalulunod

Pamagat / Pahina

Tainga / 2
Balat / 3
Mata / 4
Hagdan / 6
Panalangin / 7
Balyan / 9
Palay / 10
Sanga / 11
Poste / 12
Bata / 13
Paligid / 14
Hangin / 15
Ulan / 17
Lupa / 18
Baha / 19

**Tainga**

Sa bakuran, naghahampasan
ang mga dahon, rumaraginit
ang mga sangang namimilipit,
at nababakbak ang mga balat.

Pagkaraan, ang alingawngaw
ng pagkabali ng mga sanga
ng mangga, pagkapigtas
at paglipad ng mga palapa ng niyog,
at pagkabuwal ng mga lawas ng saging
at pagbagsak sa basang lupa.

Sa rabaw ng bubong, walang pagitan
ang takatak ng ulan. Inihahampas
ng dingding-dingding na hangin
ang tubig sa mga dingding ng bahay.

Sumisipol ang makikitid
na siwang ng pintua’t bintana.
Umiingit ang mga bubong
sa hindi tumitilang tulak,
kabig, at ikot ng malakas na ihip.

Binibingi ako ng walang patid
na hugong at sipol ng buong paligid.

**Balat**

Hinahaplos ako
ng malamig na mga kamay
ng hangin.

Mula pisngi,
inaapuhap ang batok, pababa
sa gulugod.

Nakikipagdaop
sa mga palad, pumapahid-pahid
sa mga sakong.

At sa sansaglit
na pagdantay ng braso’t likod,
ang lamig

ng panginginig
ng dingding at pader.
Nanunuot.

**Mata**

Binubulag ako ng dilim,
ng mga nakasarang pinto't bintana
sa lakas ng hangin.

Kaya't anong dami't tingkad
ng pumaparadang mga imahen
ng pagkawasak, bawat
sayaw ng ilaw-kandila sa garapon.

Mag-uumaga na'y hindi
magawang pumikit, kahit
sansaglit. Pabaling-baling
sa bawat sulok ng dilim.

Matamang nakatuon sa wala—
sa kung anong hinihintay—
Hindi man gustong dumating.

At sa bawat minutong nadaragdag
sa pag-aabang, ang paghaba
ng pag-asang hindi na darating.

Saka naman ang biglang
pagkabanaag sa tubig. Unti-
unting sumusuot sa siwang
ng pintuan, tuloy-tuloy
na dumadaloy sa sahig.

Ilang beses akong nagbukas-
pumikit sa gulat. Maiwaksi
lamang na hindi
totoo ang lahat.

**Hagdan**

Siksikan sa aking pinakamataas
na tagdan. Nag-aabang sa pagbukas
ng pinto pagdating ng mga bagong bakwet.

Sa dilim, ang naiipong guni-guni
ng bawat isa sa unti-unting pagsampa
ng tubig, iniisa-isang akyatin
ang bawat tagdan.

Yakap-yakap ang mga sariling nanunuot
sa lamig ng magdamag, nakamulagat
ang mga matang nakatitig sa dilim.

Sa sansaglit na pagguhit ng ilaw
ng flashlight, ang pagkaaninaw
sa tubig: kumikinang-kinang,
sumasayaw-sayaw ang rabaw.

Ibinubulong sa isa’t isa ang bilang
ng aking tagdan na binura na ng tubig.

**Panalangin**

Ibinubulong-bulong ninyo ako
sa mga gabing maunos. Ngunit saan
nga ba napupunta ang mga kataga?

Sa buong paligid, ang ihip
ng malakas na hangin
at nakabibinging buhos ng ulan.

Sa loob ng kabahayan, ang pagsipol
at pangangatal ng mga bintana,
dingding, pader, at bubong.

Saang sulok ng mundo ninyo ako
nais ipaabot? Saang sulok
ako susuot at mananahan?

Pakinggan ninyo ang inyong mga sarili.
Kayo mang pinanggagalingan, hindi
marinig ang inyong inuusal.

Napuputol ang kadena ng mga kataga
sa bawat biglang pagkabuwal
at pagbagsak ng puno sa bakuran.

Tingnan ninyo ang inyong mga sarili.
Nakapikit sa dilim, anong liwanag
ang hinahanap sa puso't isipan?

Marahil nga’y sa loob lang kayo
makahahanap ng katamikan. Umaasang
maabot ang estado ng kalangitan.

Subalit nasa lupa ang mga pananim
at hayop na ikinabubuhay. Nandirito
sa lupa ang inyong lupang katawan.

At sa loob ng bahay, ang tubig, nakaabang
na lumunod. Sapagkat nandirito
sa lupa ang tunay na kamatayan.

At ang mga kataga’y inaanod ng baha
at inililipad ng hangin sa kung saan—

**Balyan**

Wala na akong silbi. Nilamon na
ang binabantayang palayan ng tubig.
Umabot na sa aking laylayan.

Pumapagaspas ang malakas na hangin
sa butas-butas kong damit. Tigmak
ng ulan ang laman kong dahon at uhay.

Gumagapang ang lamig sa buong katawan.
Hindi pa rin magawang maghalukipkip.
Nakadipa pa rin ang aking mga kamay.

Paisa-isa na lang kaming nakalitaw
ng mga puno sa tubig. Sa gitna ng pinitak
na nagsailog, ano ang aking gagawin?

Sandali, may isang mayang naligaw.
Dumadapo sa isang punong bali-bali
ang mga sanga't pigtas ang mga dahon.

Sandali, lumiko siya't papalapit sa akin.
Ano't wala siyang takot na sumuot
sa aking dibdib? Paano ang darating

na taniman? Saan ako huhugot
ng panakot? Payapa ang mayang
nakabilog, nagpapainit sa aking dibdib.

**Palay**

Nang papalaki'y sa init
binansot at niluto.
Nang magkaginto-ginto,
saka sa tubig binuro.

**Sanga**

Pinigtas mo ang aking mga dahon.
Magdamag iwinasiwas, itinapal
sa mga bubong at dingding,
sa rabaw ng lupa idiniin.

Na para bang maysakit ang paligid
at kailangang hilutin. Umaliwalas nga
pagkaraan. Subalit ako nama'y
naiwang bali-bali't biyak-biyak.

Ngayo'y napakabanayad
ng iyong ihip. Na para bang ito'y sasapat
para maampat ang dagtang
nagnanana sa aking mga sugat.

**Poste**

Magdamag, mahigpit
kaming kumapit sa isa’t isa.

Para lamang sama-samang
itumba ng hangin.

Sa aming balikat, nakasampay
ang mga baling sanga.

Habang nakalaylay ang sariling
putol-putol na mga kawad.

Nakadipa hanggang sa huli.

**Bata**

Naging ilog ang mga bakuran.
Lumulutang-lutang ang mga buko,
sanga ng kahoy, at mga lawas
ng saging sa kulay-tsokolateng tubig.

Sadyang nakababagot ang ganitong araw.
Hindi makapanood ng cartoons sa TV,
nakahimpil ang radyo sa AM station.
Hindi rin makabuwelo sa takbuhan
sa kitid ng salang palaruan. Wala nang sulok
ng bakwetan ang hindi pa napagtataguan.

Anuman ang pagsaway, lumusong kami
sa tubig-baha. Minadali ang pagputol
sa mga barani’t pagtuhog ng kawayan.

Sinimulan ang pagpapalutang-lutang:
itinutulak ang balsa-balsahan sa pagtusok
ng tiking kawayan sa lupa. Inikot-ikot namin
ang bawat sulok ng mga bakuran,
pabalik-balik, patuloy na tinitimpla-timpla
ng tikin ang kulay-tsokolateng tubig.

Parang mga kaibigang sumadya
ang tubig-baha: hindi maiwasang kalaruin.
Ngayo’y wala nang bakas ng dahas
ang daloy: kalmado, maamo, dalisay.

**Paligid**

Walang-hanggan ang liwanag
matapos ang gabing maunos.

Nakasisilaw ang mga balaraw
na sikat ng araw. Naglalagos

sa pagi-pagitan ng mga kalansay
ng puno. Sa paanan, nakalatag

ang natapyas na mga sanga’t
dahon. Namumukadkad sa init

ang rabaw ng lupang bumibitak.
Bigla, binasag ang katahimikan

ng sipol ng hangin. Tumabing
ang hinawing pulbos ng putik

sa liwanag ng kawalan—

**Hangin**

Sadyang sa tahimik ako nagmula.
Hindi maikakaila ng pangalan
ng lunang aking pinanggalingan.

Nawalan nga lang ng balanse
ang timpla ng lamig at init.
Hinila ako ng hilahil sa kung
saan-saan, pahampas-hampas,
paikot-ikot. Ako ma'y nahilo.

Nang magbalik sa kapayapaa'y
ang pagkalantad ng nagawa:
nakahapay na mga palay at pananim,
nalunod na mga ari-arian.

Nanahan ang poot sa iyong puso.
Nakalimutan ang mga oras
na ating ginugol nang payapa.

Ako ang parehong sumusuot
sa baga mula sa unang tibok ng puso
hanggang sa bawat paggising
kung kailan mo ako unti-unting
namalayan sa iyong paghinga.

Ako rin ang nagpapasilab
sa baga ng iyong kalan para uminit
ang iyong pagkai't sikmura.

Sa mga mainit na hapon, sinisipula’t
hinahanap mo ako sa pangangalay
ng iyong mga kamay sa kapapaypay.

Sa mga parang at bakuran, ako
ang nagpapakaway sa mga berdeng
dahon ng mga puno’t damong
iyong dinaraana’t tinutunghayan
at ikinapapayapa ng iyong mata’t malay.

Ako rin ang marahang sumuklay
at lumugay sa buhok ng iyong kasintahan
nang una mo siyang masilaya’t wari’y
nagpabagal sa pag-ikot ng mundo.

Subalit isinusumpa mo ako kapag
nakikita ang pagpaparamdam sa iilang
araw na maunos. Isinasantabi
ang karamihan sa mga sandaling hindi
ako gaanong nararamdaman.

Hindi naaalala, wika ninyo, ang hindi
nakikita. Subalit nandirito lang ako,
lagi, sa mga sandaling dalisay
at tahimik kung saan ako nagmumula.

**Ulan**

Ganito talaga ang aming kalikasan.

Kapag naipon at bumigat, papatak.
Tulad ng anumang hila ng grabedad.

At kapag pumatak, dadaloy.
Tulad ng anumang likido.

Minsan nga lang, sabay-sabay
kaming naiipon at dumadaloy.

At makahahanap kami ng paraang dumaloy
sa mga kalsada, bakuran, bahay, at palayan.

Hindi gaya ng trapiko sa siyudad
na nababara-bara araw-araw.

**Lupa**

Kaya kong tanggapin
ang anumang labis.

Nagiging bulaklak
ang rabaw sa pagbitak
sa labis na init.

Nagiging ilog
ang ibabaw sa pagpapadaan
sa labis na tubig.

Hindi tulad ninyong hindi
maiwasang mapuksa
ng sariling likha.

Tulad ng pagkatupok
sa labis na lagablab
ng pag-ibig.

At pagkaraan,
sa pagbaha ng luha
na inyong ikinalulunod.

**Baha**

Bakit ako ang tanging sinisisi
sa inyong abang kalagayan?

Sa bawat pagdalaw, inilalantad ko
ang samu't saring problema
sa araw-araw: mababang antas
at kalidad ng edukasyon, kawalan
ng maayos na trabaho, sapat
na kita, pagkain, sariling bahay,
at putol-putol na kalsada mula
sakahan papuntang merkado.

Sa aking paglisan, ang pagpapatuloy
ng dating ginagawa sa araw-araw.
Na para bang ang pag-asa'y dagliang
paglimot at ang pagpapatuloy ng buhay.
Na para bang ang lahat ay tungkol
sa pagkaligtas mula sa kamatayan.

Maaari ninyo akong limutin.
Subalit paulit-ulit na magbabalik
hanggang may hangin at tubig.

Subalit kailangan ninyong harapin
ang mga pang-araw-araw
na problemang mas nalalantad
sa bawat kong pagdalaw.